



BATAYAN SA PAGSABLAY

BACKFIRE BASICS

BRIAN MARTIN

2012
TRANSLATION: BERNIE ATON, JANUARY 2017



TRANSLATOR'S NOTES

Batayan sa Pagsablay

Mga susi sa pagsablay

- Ilantad (Reveal): ibunyag ang kawalan ng katarungan o hustisya, hamunin ang pagtatakip
- Tubusin (Redeem): patatagin ang target, hamunin ang pagwawalang halaga
- Baguhin ang pagkakapahayag (Reframe): bigyang diin ang kawalan ng katarungan o hustisya, salungatin ang naiibang interpretasyon
- Umalma (Resist): manindigan laban sa pananakot at panunuhol

Ang modelo ng pagsablay ay tungkol sa taktika upang salungatin ang kawalan ng hustisya.


Pagsablay: ang isang atake ay masasabing sablay kung ito ay nagdulot ng higit-na suporta o atensyon para sa inaatake. Anumang kawalan ng katarungan o paglabag sa pamantayan ay maaaring sumablay ang may kagagawan.

Maaring makita ang pagsablay kung salungat ito sa opinyon ng publiko o dahil sa dami ng nagawa ng kalaban. Kahit tila makatatakas ang may kagagawan, sa katarungan, hindi ito magiging matagumpay sa kalaunan.

Karamihan ng kawalan katarungang nagawa ng mga makapangyarihang grupo ay hindi sumasablay dahil nababawasan nila ang pang-aalipusta ng publiko.

Limang Paaran upang mabawasan ang pang-aalipusta o pagbabatikos sa kawalan ng katarungan

1. Pagtatakip ang ginawa
2. Pawalang-halaga ang target
3. Baguhin ang interpretasyon sa nangyari
4. Gumamit ng opisyal na linya o daluyan ng impormasyon upang magmukhang makatarungan
5. Takutin o bigyang gantimpala ang mga nasangkot




Limang paaran upang mabawasan ang pang-aalipusta o pagbabatikos ng mga tao at paano ito makaaapekto sa isang pangyayari, pagtingin at mga reaksiyon dito

Dalawang Kondisyon para sa pagsablay

1. Ang isang pangyayari ay nakikitang hindi makatarungan, hindi pantay, sumusobra o hindi proporsyonal
2. Ang impormasyon tungkol sa ginawa ay naipabatid sa mga dapat makaalam

Limang Paraan upang mapalalâ ang pang-aalipusta o pagbatikos sa kawalan ng katarungan

1. Ilantad ang ginawa
2. Pawalang-halaga ang target
3. Bigyang diin ang interpretasyon ng pangyayari bilang di-makatarungan
4. Imobilisa ang pagmamalasakit ng publiko (at iwasan ang opisyal na linya ng impormasyon)
5. Umalma at ilantad ang mga pananakot at paggantimpala




Karagdagang konsiderasyon: ang pagsasaoras ng komunikasyon ay mahalaga. Ang tatlong mahahalagang salik na nakaaapekto sa pagtanggap ng mensahe ay:

1. Kahandaang tumanggap: basehan ng kawalan ng pakiramdam sa o pagkamanhid sa hustisya; mga pagbibigay ng kahulugan. Kung ang mga tao ay dati nang may pag-intindi sa mga uri ng abuso, ang kanilang reaksiyon ay magiging mas matindi. Ang panlipunang paggalaw ay maaring lumikha o magpatindi ng kahandaang tumanggap.

2. Kalagayan ng impormasyon: nakikita, tindi o kahalagahan (kumpara sa ibang kuwento). Ano pa ang nangyayari? Kung mayroon pang ibang balita, ang kawalan ng hustisya ay maaring magkaroon lamang ng kaunting atensyon mula sa media.
3. Kahandaan sa pagkilos: pagkakaroon ng panlipunang paggalaw, pagkakataon sa pagkilos. Kung ang mga aktibista ay handang kumilos, ang biglaang kawalan ng hustisya ay malamang sasablay.

Halimbawa: Binugbog ng mga pulis ang mga mapayapang nagpoprotesta sa rally



Ang limang R na *revealing* (paglantad), *redeeming* (pagtubos), *reframing* (pagbabago ng pagkakapahayag) at *redirecting* (pag-iiba ng direksyon) ay maaring gamitin bilang reaksiyon sa kawalan ng katarungan o bilang paaran upang maiwasan ito.

Bilang halimbawa, upang maiwasan ang pag-atake ng mga pulis, maging handa sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mga saksi at mga kamera, pagbibihis at pag-asal na makapagpapaganda ng imahe, at iba pa.

Publikasyon tungkol sa pagsablay

Tumungo sa <http://bmartin.cc/pubs/backfire.html> (o ilagay ang “Brian Martin backfire” sa *search engine* upang makahanap ng analisis ng mga taktikang ginagamit laban sa sensura, paninirang-puri, sekswal harassment, pagdeport kay Scott Parkin, pambubugbog ng mga pulis, masaker ng mga mapayapang ng poprotesta, pagpapahirap, pagpatay ng lahi at iba pang mga isyu.



Isang protesta laban sa deportasyon ni Scott Parkin mula sa Austalia

Brian Martin, bmartin@uow.edu.au, phone 02-4221 3763

Bersyon 26 Pebrero 2012

Isinalin ni Bernie Aton Enero 2017